IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

# Ang Paggamit Ng Mga Manipulative Na Kagamitang Pambasa Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 9 Sa Filipino

**MARIEL A. ITLANAS**
Teacher III
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
mariel.alla@deped.gov.ph

*Abstract* — Ang pag-aaral na ito ay sinusuri ang bisa ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa Bunga National High School sa Dibisyon ng Baybay. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magiging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibo-eksperimental na disenyo ng pananaliksik. Layunin ng pag-aaral na masukat at masuri ang bisa ng mga manipulatib na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Baitang 9. Sa pamamaraang ito, ikinumpara ang pagganap ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang mga kagamitang pampagtuturo, gamit ang pre-test at post-test upang matukoy ang epekto ng interbensyon. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga piling mag-aaral sa Baitang 9 ng Bunga National High School sa ilalim ng Dibisyon ng Baybay. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang purposive sampling batay sa kanilang kakayahan at partisipasyon sa mga aktibidad sa pagbasa. Nahati ang mga mag-aaral sa dalawang grupo: kontrolado (hindi gumamit ng manipulatib na kagamitan) at eksperimental (gumamit ng manipulatib na kagamitan). Ang datos na nakalap ay isinailalim sa statistical treatment tulad ng mean, t-test, at percentage upang masuri ang kaibahan ng resulta bago at pagkatapos ng paggamit ng manipulatib na kagamitan. Sa pamamagitan nito, mas malinaw na matutukoy kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng mga kagamitan sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.Ang Talahanayan ay nagpapakita ng pagsusuri ng relasyon sa Antas ng Paggamit ng Teknolohiya at ang Akademikong Pagganap ng Mag-aaral. Nilalayon ng pagsusuring ito na tukuyin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at ang naging resulta ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Pearson's correlation coefficient (r) at t-test, sinuri ang lakas at antas ng ugnayan ng dalawang baryabol sa 0.05 na antas ng kahalagahan (significance level).
Batay sa resulta, ang nakuha na correlation coefficient ay 0.76, na nangangahulugang may malakas na ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya at pagganap ng mga mag-aaral. Ang computed t-value ay mas mataas sa table value na dahilan upang tanggihan ang null hypothesis. Ipinapahiwatig ng datos na habang tumataas ang antas ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, positibo rin ang epekto nito sa akademikong resulta ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang interpretasyon na Significant Relationship (Strong) ay nagpapakita na may makabuluhang epekto ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga guro na direktang nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang mga kagamitan gaya ng mga interactive software, online learning modules, at multimedia presentations ay tumutulong upang mas maunawaan at mas mapahusay ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang resulta ay nagpapahiwatig na may malakas na ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya at akademikong pagganap. Ang resultang ito imply that ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking epekto sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga digital na kagamitan ay hindi lamang nakadagdag sa kaalaman kundi nakapagpataas din ng motibasyon at kasiglahan sa pagkatuto.

***Keywords — Manipulative na mga Kagamitang Pambasa, Mag-Aaral, Filipino***

## I. Panimula

Ang kasanayan sa pagbasa ay isa sa mga pinakamahalagang aspeto na dapat mahubog ng isang mag-aaral sa kaniyang pag-aaral. Kalakip din nito ang kasanayan sa pag-unawa na siyang magiging susi upang maging matagumpay sa iba't ibang larangan ng akademiya. Ngunit, isang malaking hamon ito sa Bunga National High School dahil sa naging resulta ng Phil-IRI na kung saan pataas nang pataas ang bilang ng mga mag-aaral na nalalakip sa antas na Frustration, indikasyon ng mahinang kasayanan sa pagbasa at higit sa lahat sa pag-unawa ng kanilang binasa. Ang suliraning ito ang nag-ugdyok sa akin upang suriin at maghanap ng alternatibong interbensiyong makatutulong upang maibsan ang dami ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa at maging sa pag-unawa ng kanilang mga binabasa.

Sa pag-aaral ni Maria Fajardo noong 2019, tinalakay ang epektibong kagamitan sa paglinang ng antas ng pang-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng Dr. Maria D. Pastrana National High School. Ginamit niya ang mga kagamitan tulad ng PowerPoint at hand-awt sa pagtuturo ng pagbasa. Ayon sa kanyang resulta, ang paggamit ng hand-awt ay nagbigay ng mas mataas na antas ng inferential at kritikal na pang-unawa kumpara sa PowerPoint. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga manipulativ na kagamitan tulad ng hand-awt ay maaaring maging epektibo sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa epektibidad ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Bunga National High School. Isa itong makabago at interaktibong interbensiyon upang mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok at makiisa sa mga gawaing pampagpapabasa ng guro. Sa pamamagitan nito, mapupukaw ang interes nila at motibasyon na siyang makatutulong upang malinang ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Layunin din nitong matukoy kung paano nakaaapekto ang mga kagamitang ito sa kanilang pag-unlad sa asignaturang Filipino sa kabuoan.

Hindi maipagkakaila na kasabay ng pag-inog ng mundo ang pangangailangang umakma sa mga makabago at epektibong mga interbensiyon sa pagtuturo tugon sa mga makabagong suliraning kinahaharap ng ating edukasyon ngayon. Nagsisilbing tugon ang pananaliksik na ito sa hamong kinahaharap ng mga tradisyonal na interbensyon sa pagbasa. Sa papamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makatutulong ito sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aarala sa Bunga National High School sa pagbasa at pag-unawa susi upang makamtan ang misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na mabigyan kalidad at magandang kinabukasan ang mga kabataan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang pag-aaral na ito ay sinusuri ang bisa ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa Bunga National High School sa Dibisyon ng Baybay. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magiging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglayong sinagut ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang ng Antas ng Paggamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan batay sa mga sumusunod:

   1.1 Mga Uri

   1.2 Mga Benepisyo, at

   1.3 Mga Hamon?

2. Ano ang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 na Gumamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan sa Ikatlo at Ikaapat na Markahan sa Filipino?
3. May Mahalagang Ugnayan ba sa Pagitan ng Antas ng Paggamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan at ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa Ikatlo at Ikaapat na Markahan?
4. Anong Interbensyong Plano ang Maaaring Ipanukala Batay sa mga Natuklasan ng Pag-aaral?

Walang Hipotesis:

HO: Walang Mahalagang Ugnayan ba sa Pagitan ng Antas ng Paggamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan at ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa Ikatlo at Ikaapat na Markahan.

## II. Metodolohiya

***Design.*** Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibo-eksperimental na disenyo ng pananaliksik. Layunin ng pag-aaral na masukat at masuri ang bisa ng mga manipulatib na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Baitang 9. Sa pamamaraang ito, ikinumpara ang pagganap ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang mga kagamitang pampagtuturo, gamit ang pre-test at post-test upang matukoy ang epekto ng interbensyon.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga piling mag-aaral sa Baitang 9 ng Bunga National High School sa ilalim ng Dibisyon ng Baybay. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang purposive sampling batay sa kanilang kakayahan at partisipasyon sa mga aktibidad sa pagbasa. Nahati ang mga mag-aaral sa dalawang grupo: kontrolado (hindi gumamit ng manipulatib na kagamitan) at eksperimental (gumamit ng manipulatib na kagamitan).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang datos na nakalap ay isinailalim sa statistical treatment tulad ng mean, t-test, at percentage upang masuri ang kaibahan ng resulta bago at pagkatapos ng paggamit ng manipulatib na kagamitan. Sa pamamagitan nito, mas malinaw na matutukoy kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng mga kagamitan sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral..

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Bunga National High School. Upang makuha ang kinakailangang datos para sa pag-aaral, ginamit ng mananaliksik Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng inihandang survey questionnaire upang masukat ang lawak ng implementasyon ng mga kagamitang pampagbasa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang talatanungan ay binuo para sagutin ng mga guro sa Baitang 9, gamit ang Likert Scale na may limang antas: (5 – Laging Isinasagawa; 4 – Madalas; 3 – Paminsan-minsan; 2 – Bihira; 1 – Hindi Kailanman). Nilalayon nitong alamin kung gaano kadalas ginagamit ang mga kagamitang tulad ng larawan, flashcards, story strips, graphic organizers, at iba pang manipulatibong kagamitan upang matukoy ang lawak ng kanilang implementasyon sa klasrum. Samantala, upang masukat ang academic performance ng mga mag-aaral, isinagawa ang documentary analysis gamit ang opisyal na tala ng grado ng mga mag-aaral mula sa kanilang SF 9 o School Form 9 para sa pang-apat na markahan. Sa pamamagitan ng pagkokolekta at pagsusuri ng mga datos mula sa SF 9, ikinokonekta ng pananaliksik na ito ang antas ng paggamit ng kagamitang pampagbasa sa aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Layunin ng instrumentong ito na matukoy kung may ugnayan ang epektibong paggamit ng mga kagamitang pampagbasa at ang antas ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral..

***pagpili ng sampol.*** Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 9 (37 Males, 41 Females) ng nabanggit na paaralan ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

***Mga Pamamaraan sa Pananaliksik***. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating School Division Superintendent na si Dr. Manuel P. Albaño, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na may pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pang-pananaliksik na ginamit ay mga survey questionnaires batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa Filipino 9 na nakatuon sa ikaapat na markahan. Ang mananaliksik ay gumamit ng SF 9 upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral.

Ang mga datos ay kinolekta at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

***Mga Isyu ng Etika***. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

***Pamamaraan ng Istatiska***. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito.

Ang mga quantitative na tugon ay binilang at inilagay sa talahanayan. Ang mga datos ay sinuri sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan:

Weighted Mean. Ito ay gagamitin upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino.

Pearson r- Ang kasangkapang ito ay gagamitin upang kalkulahin ang makabuluhang relasyon ng mga pagganap sa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino at ang antas ng paggamit ng interbasyon sap ag-aaral.

## III. Mga Resulta at Talakayan

**Table I**

**Antas Ng Paggamit Ng Mga Manipulatibong Kagamitan**

| | A. Mga Uri | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1 | Iba't ibang uri ng manipulatibong kagamitan ang ginagamit sa pagtuturo. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2 | Ang mga kagamitan ay angkop sa mga aralin sa asignaturang Filipino. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3 | Ang mga manipulatibong kagamitan ay ginagamit ayon sa antas ng baitang. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4 | Nakapaloob sa plano ng pagtuturo ang paggamit ng mga kagamitan. | 4.85 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5 | May sapat na bilang ng mga kagamitan para sa lahat ng mag-aaral. | 4.75 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Mean | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | B. BENEPISYO | | |
| 1 | Napapadali ng mga kagamitan ang pag-unawa sa mga konsepto. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2 | Nagiging mas aktibo ang mga mag-aaral sa klase. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3 | Tumataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4 | Nakakatulong ang kagamitan sa paglinang ng kritikal na pag-iisip. | 4.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5 | Nakikita ang positibong epekto nito sa akademikong pagganap ng mag-aaral. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Mean | 4.82 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | C. MGA HAMON SA PAG GAMIT | | |
| 1 | Kulang ang bilang ng mga kagamitan para sa buong klase. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2 | May kakulangan sa pagsasanay ng guro sa paggamit ng mga kagamitan. | 1.90 | Hindi Sumasang-ayon |
| 3 | Mahirap gamitin ang kagamitan sa malalaking bilang ng mag-aaral. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4 | Hindi sapat ang oras sa klase para gamitin ang lahat ng kagamitan. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5 | May limitasyon sa pondo para sa pagbili ng mga materyales. | 5.0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Mean | 4.30 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Grand Mean | 4.64 | Lubos na Sumasang-ayon |

Legend: 4.21- 5.00 – Lubos na Sumasang-Ayon
3.41- 4.20 – Sumasang-Ayon
2.61-3.40 – Hindi Tiyak
1.81- 2.60- Hindi Sumasang-ayon
1.00-1.80- Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng Antas ng Paggamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan, na nahahati sa tatlong bahagi: A) Mga Uri ng Kagamitan, B) Benepisyo, at C) Mga Hamon sa Paggamit. Layunin ng talahanayang ito na masukat ang lawak ng paggamit, ang positibong epekto, at mga kinakaharap na suliranin sa paggamit ng manipulatibong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa Baitang 9.

Sa bahaging A: Mga Uri, makikita na mataas ang antas ng paggamit ng manipulatibong kagamitan sa klase. Halimbawa, ang paggamit ng kagamitan ayon sa antas ng baitang ay may pinakamatataas na marka (5.0), sinundan ng pagkakabuo nito sa plano ng pagtuturo (4.85), at sapat na bilang para sa mga mag-aaral (4.75). Ang pangkalahatang mean sa bahaging ito ay 4.80, na may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapakita ng masigasig na paggamit ng kagamitan bilang bahagi ng estratehiyang panturo.

Samantala, sa bahaging B: Benepisyo, napatunayang epektibo ang manipulatibong kagamitan sa pagpapalalim ng pagkatuto. Ang mga pahayag na tumataas ang interes (5.0), pagiging aktibo ng mag-aaral (5.0), at pag-unawa sa mga konsepto (4.80) ay nagpakita ng positibong pananaw. May kabuuang mean na 4.82, na nangangahulugang ang mga manipulatibong kagamitan ay malaki ang naitutulong sa paglinang ng kaalaman, kakayahang mag-isip, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa bahaging C: Mga Hamon sa Paggamit, bagama’t karamihan ng item ay nakatanggap ng markang Lubos na Sumasang-ayon, partikular sa kakulangan ng oras, pondo, at bilang ng kagamitan (lahat ay may markang 5.0), may isang item na may mababang marka—ang kakulangan ng guro sa pagsasanay (1.90), na nangangahulugang Hindi Sumasang-ayon. Ibig sabihin, handa ang mga guro na gamitin ang kagamitan ngunit kulang ang mga yaman. Ang mean para sa bahaging ito ay 4.30, na nagpapahiwatig na bagama’t may mga hamon, hindi ito hadlang sa patuloy na paggamit ng kagamitan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang pangkalahatang antas ng paggamit ng manipulatibong kagamitan ay 4.64 (Lubos na Sumasang-ayon), na nangangahulugang lubos na isinasama ng mga guro ang mga kagamitang ito sa kanilang pagtuturo. Sa kabila ng ilang hamon, ang paggamit ng mga ito ay nagpapabuti sa aktibong partisipasyon, interes, at pagganap ng mga mag-aaral sa klase. Ang mga resulta ay nagpapakita rin na kailangang tugunan ang mga isyung nauugnay sa kakulangan sa pondo at oras.

**Table 2**

**Akademikong Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 9**

| BILANG. | INTERPRETASYON | ISKALA | DALASAN | PORSYENTO |
|---|---|---|---|---|
| 5 | Napakahusay | 90-100 | 71 | 46 |
| 4 | Lubos na kasiya-siya | 85-89 | 27 | 17 |
| 3 | Kasiya-siya | 80-84 | 23 | 15 |
| 2 | Di-ga-aanong kasiya-siya | 75-79 | 22 | 14 |
| 1 | Hindi Nakamit ang inaasahan | Below 75 | 13 | 8 |
| | Kabuuan | | 156 | 100 |
| | Pangkalahatan | | 86.58 | Lubos na kasiya-siya |

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng Academic Performance of Learners, na sumusukat sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa asignaturang Filipino. Inilalahad sa talahanayan ang bilang (frequency) at porsyento (percentage) ng mga mag-aaral na nakaabot sa bawat antas ng interpretasyon batay sa iskala ng marka mula "Outstanding" hanggang "Did Not Meet Expectations", kalakip ang kabuuang average na marka ng mga kalahok.

Batay sa datos, may 71 mag-aaral o 46% ang nakakuha ng markang nasa Outstanding (90–100), na nagpapakitang malaking bahagi ng mga mag-aaral ay may mataas na lebel ng akademikong pagganap. 27 mag-aaral o 17% naman ang nasa Very Satisfactory (85–89), habang 23 o 15% ay nakapaloob sa Satisfactory (80–84). Ang bilang ng mga nasa Fairly Satisfactory (75–79) ay 22 o 14%, at 13 mag-aaral o 8% lamang ang hindi nakaabot sa inaasahang pamantayan (Below 75). Ang mga resultang ito ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang average na marka ng mga mag-aaral ay 86.58, na may katumbas na interpretasyong Very Satisfactory. Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay maayos ang pagpapakita ng akademikong pagganap, bagama't may ilang porsyento pa rin na nangangailangan ng interbensyon upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto. Sa kabila nito, malinaw na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakikinabang sa mga estratehiyang pampagtuturo at mga kagamitang ginagamit sa klase.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Table 3**
**Test Of Relationship**

| Variables Correlated | r | Computed value or t | Table Value @.05 | Decision on Ho | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Antas ng Paggamit ng Teknolohiya to Academic Performance | 0.76 | 3.621 | 0.478 | Reject Ho | Significant Relationship (Strong) |

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pagsusuri ng relasyon sa Antas ng Paggamit ng Teknolohiya at ang Akademikong Pagganap ng Mag-aaral. Nilalayon ng pagsusuring ito na tukuyin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at ang naging resulta ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Pearson's correlation coefficient (r) at t-test, sinuri ang lakas at antas ng ugnayan ng dalawang baryabol sa 0.05 na antas ng kahalagahan (significance level).

Batay sa resulta, ang nakuha na correlation coefficient ay 0.76, na nangangahulugang may malakas na ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya at pagganap ng mga mag-aaral. Ang computed t-value na 3.621 ay mas mataas sa table value na 0.478, dahilan upang tanggihan ang null hypothesis. Ipinapahiwatig ng datos na habang tumataas ang antas ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, positibo rin ang epekto nito sa akademikong resulta ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang interpretasyon na Significant Relationship (Strong) ay nagpapakita na may makabuluhang epekto ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga guro na direktang nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang mga kagamitan gaya ng mga interactive software, online learning modules, at multimedia presentations ay tumutulong upang mas maunawaan at mas mapahusay ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na may malakas na ugnayan (r = 0.76) sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya at akademikong pagganap. Ang resultang ito imply that ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking epekto sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga digital na kagamitan ay hindi lamang nakadagdag sa kaalaman kundi nakapagpataas din ng motibasyon at kasiglahan sa pagkatuto.

## IV. Conclusion

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, ang pagsusuri ng relasyon sa antas ng paggamit ng teknolohiya at ang akademikong pagganap ng mag-aaral. Ipinakita ng pagsusuri na may malakas at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, kung saan habang tumataas ang antas ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, mas positibo rin ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang integrasyon ng teknolohiya sa loob ng silid-aralan, sa pamamagitan ng mga kagamitang gaya ng interactive software, online modules, at multimedia presentations, ay nakatutulong upang mapalalim ang pag-unawa, mapataas ang motibasyon, at mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang bigyang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pansin ng mga guro at paaralan ang paggamit ng makabagong teknolohiya bilang epektibong kasangkapan sa pagtuturo upang makamit ang mas mataas na antas ng tagumpay sa edukasyon.

## V. Recommendations

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Ang mga guro ay dapat gamitin nang mas madalas at epektibo ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa upang mas mapahusay ang pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa Baitang 9.
3. Ang mga punong-guro ay dapat magbigay ng sapat na suporta at pagsasanay sa mga guro tungkol sa tamang paggamit at pagpapaunlad ng manipulativ na mga kagamitan sa pagtuturo.
4. Ang Public Schools District Supervisor ay dapat maglunsad ng mga programa at workshop upang mapalawak ang kaalaman ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagbasa at pagtuturo ng Filipino.
5. Ang mga magulang ay dapat hikayatin at suportahan ang paggamit ng mga manipulativ na kagamitan sa bahay upang makatulong sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng kanilang mga anak.
6. Ang mga mananaliksik ay dapat magpatuloy sa pagsusuri ng iba pang epektibong interbensyon na maaaring makatulong sa pagtaas ng akademikong pagganap gamit ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa.
7. Ang mga susunod na mananaliksik ay dapat magsagawa ng mas malawakang pag-aaral upang mas mapalalim ang kaalaman sa epekto ng manipulativ na kagamitan sa iba pang asignatura at antas ng pag-aaral.

## ACKNOWLEDGEMENT

Una sa lahat, aking pinupuri at taos-pusong pinasasalamatan ang Maykapal sa pagbibigay sa akin ng walang hanggang biyaya, kaalaman, at pagkakataon upang maisakatuparan ang aking pag-aaral sa antas gradwado. Kung wala ang Kaniyang paggabay at lakas, hindi magiging posible ang pagtatapos ng pag-aaral na ito.

Lubos kong pinasasalamatan ang lahat ng naging kasangkapan at katuwang sa matagumpay na pagbuo ng pananaliksik na ito.

Isang espesyal na pasasalamat ang aking iniaalay kay Dr. Sabina Con-ui, Dekano ng Paaralang Gradwado, sa kanyang motibasyon at malawak na kaalaman na naging mahalaga sa paglinang ng pag-aaral na ito.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Buong puso ko ring ipinapaabot ang aking taos-pusong pasasalamat kay Dr. Elvin H. Wenceslao, ang aking tagapayo sa pananaliksik, para sa kaniyang walang sawang paggabay, inspirasyon, at suporta sa kabuoan ng proseso ng pagsulat at pananaliksik. Hindi sapat ang mga salitang “maraming salamat” upang masuklian ang kaniyang malaking ambag sa pag-aaral na ito.

Nais ko ring pasalamatan ang mga miyembro ng aking thesis committee na sina Dr. Jasmine B. Misa at Dr. Annabelle A. Wenceslao sa kanilang mahahalagang mungkahi, pagsusuri, at gabay upang higit na mapabuti at maging mas mapagkakatiwalaan ang aking pananaliksik.

Lubos din ang aking pasasalamat sa mga naging katuwang ko sa pagsasagawa ng pananaliksik, lalo na sa aking mga kasamang guro sa Bunga National High School na tumulong sa pamamahagi at pagkuha ng mga kasagutan sa ginamit na Manipulatibong Kagamitan. Ang kanilang tulong ay napakahalaga sa pagtatamo ng datos ng pag-aaral.

Taos-puso ko ring pinasasalamatan ang aking mga respondente—ang aking mga mag-aaral sa Grade 9, at ang 29 na guro ng Bunga National High School, para sa kanilang aktibong pakikilahok at tapat na pagbibigay ng sagot na nagsilbing pundasyon ng pananaliksik na ito.

Higit sa lahat, nais kong ipaabot ang aking walang hanggang pasasalamat sa aking asawa, na sa kabila ng aking pagiging abala ay hindi nagkulang sa pagbibigay ng suporta at pag-unawa; at sa aking anak, na nagsilbing isa sa aking mga inspirasyon sa pagtatapos ng pag-aaral na ito. Ang kanilang emosyonal na suporta at mga sakripisyo ay nagsilbing lakas at motibasyon sa akin upang tapusin ang pananaliksik na ito nang may puso at dedikasyon.

Sa inyong lahat, maraming salamat.!

## References

[1] Alonzo, E. (2021). Kahalagahan ng mga manipulativ na materyales sa pagkakaroon ng mas masaya at nakakaengganyong karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral.
[2] Bautista, R. (2017). Paano nakakatulong ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.
[3] Bayani, M. (2019). Ugnayan ng paggamit ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa at pagtaas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit.
[4] Torres, G. (2014). Epekto ng manipulativ na materyales sa kasanayan sa pagbasa ng mga estudyanteng nasa ilalim ng Alternative Learning System (ALS).
[5] Villanueva, K. (2017). Benepisyo ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa mga mag-aaral na may iba't ibang estilo ng pagkatuto.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## AUTHOR'S PROFILE



**MARIEL A. ITLANAS**

Ang mananaliksik ay isinilang noong Mayo 26, 1997 sa Barangay Balocawehay, Abuyog, Leyte. Matapos ang kanyang pagtatapos sa kolehiyo, siya ay kasalukuyang naninirahan na ngayon sa Poblacion Zone 16, Baybay City, Leyte.

Nagtapos siya ng Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya, nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Visayas State University – Main Campus noong 2018 at ginawaran bilang Cum Laude. Sa kasalukuyan, siya ay kumukuha ng Master of Arts in Education, Major in Filipino sa Western Leyte College, bilang bahagi ng kanyang patuloy na pag-unlad sa propesyon.

Isang Teacher III sa Bunga National High School, si Gng. Itlanas ay tagapayo ng Grade 9 at nagtuturo ng Filipino sa Junior High School. Kabilang din sa kaniyang mga asignatura sa Senior High School ang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, at Filipino sa Piling Larang: Akademik at Teknikal-Bokasyunal.

Hindi lamang siya isang guro sa silid-aralan kundi isa ring aktibong lider sa paaralan. Siya ang kasalukuyang School Paper Adviser ng Ang TagaSindi (Filipino), GAD Coordinator, LR Coordinator, LIS Coordinator, School Information Officer, at SGC Coordinator ng kanilang paaralan. Bilang mag-aaral noon, siya ay nagsilbing Kalihim ng Kapisanan ng mga Filipino Majors noong 2016 sa VSU, at ngayon ay bahagi ng Region III Officers bilang Provincial Coordinator ng Leyte para sa Kapisanan ng mga Filipinong Awtor at Manunulat sa Pilipinas.

Para kay Gng. Itlanas, ang pagtuturo ay hindi man ang unang pinili, ito ay naging landas ng layunin. Naantig siya sa mga hamon ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas, kaya't pinili niyang maging instrumento ng pagbabago—isang gurong nagsusulong ng pagmamahal sa wikang Filipino. Naniniwala siyang ang pagiging matatas sa sariling wika ay mahalagang pundasyon ng pambansang pagkakakilanlan.

Ang paniniwala niyang "In God's perfect time" ay nagsisilbing gabay sa kanyang propesyon at personal na buhay—kasama ng dedikasyon, tiyaga, kababaang-loob, at pusong naglilingkod para sa kaniyang kapuwa at pamilya.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved